DEPARTAMENTO NG SHERIFF NG COUNTY NG SAN DIEGO

Pangkomunidad na Forum sa TRUTH Act

County ng San Diego

Agenda Item #XX | Ika-17 ng Nobyembre, 2020

MGA INIAATAS NG TRUTH ACT

Transparent Review of Unjust Transfer and Holds (TRUTH) Act (AB 2792)

Magbigay sa indibidwal ng nakasulat na form ng pahintulot na nagpapaliwanag ng layunin ng kahilingan ng panayam ng ICE, na boluntaryo, ay na ang indibidwal ay maaaring tanggihan ang panayam

Mag-atas ng form ng pahintulot na makuha sa mga espesipikong wika

Mag-atas ng lokal na ahensya ng pagpapatupad ng batas upang magbigay ng mga kopya ng tinukoy na dokumentasyong natanggap mula sa ICE sa indibidwal at abisuhan ang indibidwal tungkol sa layon ng ahensya upang sumunod sa mga kahilingan ng ICE

Magdaos ng forum na pangkomunidad upang magbigay ng impormasyon sa publiko tungkol sa pag-access ng ICE

MGA PATAKARAN AT PROPESYONAL NA EDUKASYON

Staff na Patuloy na Binigyan ng Edukasyon sa Patakaran at mga Pamamaraan ng Departamento

Patakaran at mga Pamamaraan ng Departamento Section 6.47 – Tagapagpatupad ng Batas ng Imigrasyon

Patakaran at mga Pamamaraan sa mga Pagkulong Section Q.4 – Beripikasyon ng Legal na Katayuan Pagsunod sa mga Batas na Pang-imigrasyon

- Patuloy na Paggamit at Pamamahagi ng mga Form para sa mga Layunin ng Notipikasyon sa mga Indibidwal na nasa Kustodya

MGA PROTOKOL SA KULUNGAN DAHIL NAUUGNAY ITO SA IMMIGRATION AND CUSTOMS ENFORCEMENT (ICE) NG ESTADOS UNIDOS

- Ang mga tagalabas na ahensya ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga ahente ng Immigration and Customs Enforcement (ICE), ay walang malayang access sa alinman sa mga pasilidad o kulungan ng Sheriff.
  - Ang ICE ay inaatasang mag-check in sa pamamagitan ng pangunahing pasukan at sumunod sa mga patnubay sa propesyonal na bisita.
- Hindi ililipat ng Departamento ng Sheriff ang isang indibidwal sa mga awtoridad ng imigtasyon maliban kung awtorisado ng panghukumang warrant o batay sa kuwalipikadong hatol ayon sa batas ng Estado.
- Ang ICE ay inaasahang kumpletuhin ang (mga) sumusunod na form depende sa interes nito para sa paglabas ng impormasyon o kahilingan sa panayam:
  - I-247A: Paunawa ng Aksyon ng Detainer ng Imigrasyon
  - J-340: Paunawa sa Nakakulong ng Kahilingan at Layon ng ICE na Maabisuhan
  - J-330: Form ng pahintulot para sa panayam ng ICE sa nakakulong
  - J-335: Paunawa ng Layong sumunod sa kahilingan ng ICE

MGA NOTIPIKASYON NG PAGLAYA 2019

1,536 Natanggap at Na-screen na Paglabas ng Kahilingan ng Notipikasyon ng ICE

1,086 Tinanggihang Kahilingan ng ICE

450 Kuwalipikadong Kahilingan ng ICE

2019 MGA KAHILINGANG PANAYAM NG ICE

120 mga Kahilingang Panayam ng ICE

20
Sumang-ayong Makapanayam sa Presensya ng Abogado

65
Tumangging Makapanayam

35
Sumang-ayong Makapanayam nang Walang Abogado

2019 DATA NG PAGLAYA

Mga Pangunahing Pagkakasala:

- Panloloob
- Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan
- Pagbebenta o Pagpupuslit ng Kontroladong Substance
- Pagkakaroon ng Ibebentang Meth



2019 DATA NG PAGLAYA

Form ng Pahintulot sa Panayam ng ICE Ginawang Makukuha sa:

- Ingles
- Espanyol
- Tsino
- Tagalog
- Vietnamese
- Koreano
- *Arabe - nakabinbin*

Etnisidad	# ng mga indibidwal
Hispaniko	**190**
Iba pa	**48**
Iba pang Asyano	9
Cambodian	1
Middle Eastern	8
Filipino	1
Laotian	4
Iba pa	8
Hawaiian	1
Vietnamese	16
Puti	**27**
Itim	**6**
Kabuuan	**271**

TRANSPARENCY AT BUKAS NA DATA

Hini-host ng Website ng Sheriff ang mga Archive ng:

- Data ng Kahilingan ng Panayam ng ICE (2017, 2018, 2019)
- SB 54 Values Act – Ulat ng Paglipat: Bilang ng mga Paglipat alinsunod sa Offense Code (2018, 2019)
- SB 54 Values Act Ulat sa Attorney General ng California
- Dating Presentasyon sa Forum sa Truth Act



www.SDSheriff.net

PAKIKIPAG-UGNAYAN

- Mga presentasyon sa komunidad hinggil sa pampublikong kaligtasan
- Coffee with the Community / Coffee with the Community *sa Espanyol*
- Konsulado ng Mexico - Mga Mobile na Serbisyo ng Konsulado
- Pakikibahagi at kolaborasyon sa mga organisasyong nonprofit para sa Latino/Hispaniko, Imigrante, at Refugee at mga organisasyong nakabase sa komunidad
- Pakikibahagi sa multikultural na mga pangkomunidad na fair at event
- Dumaraming resources ng departamento sa maraming wika

Departamento ng Sheriff ng County ng San Diego

Pagsunod sa Senate Bill 54: Ang California Values Act

Tinatanggap ng Departamento ng Sheriff ng County ng San Diego ang mayamang dibersidad sa mga komunidad na ating pinaglilingkuran. Inuuna namin ang mga ugnayang pangkomunidad at ninanais na ang lahat ng residente ay maramdamang sila ay ligtas kapag nag-uulat ng krimen.

Kawanihan ng mga Serbisyo ng Pagpapatupad ng Batas

- Ang mga deputado ng Sheriff ay hindi nag-iimbestiga o nagpapatupad ng batas na pang-imigrasyon
- Hindi itatanong ng mga deputado ng Sheriff ang kanilang katayuang pang-imigrasyon
- Ang Departamento ng Sheriff ay hindi nakikipagkontrata sa pederal na gobyerno upang ikulong ang mga indibidwal para sa mga paglabag na pang-imigrasyon
- Hindi kinukulong ng Departamento ng Sheriff ang mga indibidwal batay sa mga pederal na detainer warrant
- Ang paggamit ng resources ng departamento para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon ay ipinagbabawal
- Ang mga deputado ng Sheriff ay hindi gumagamit ng mga opisyal sa imigrasyon para sa mga serbisyo ng pagsasalin sa wika
- Ang Departamento ng Sheriff ay hindi magbabahagi ng personal na matutukoy na impormasyon para sa pagpapatupad ng imigrasyon

Pakikibahagi ng Task Force

- Ang personnel ng Sheriff na itinalaga sa mga panrehiyong task force ay hindi nagpapatupad ng batas na pang-imigrasyon
- Ang personnel ng Sheriff na itinalagang makibahagi sa mga panrehiyong task force ay nagpapatupad ng pang-estado at pederal na batas na nauugnay sa narcotics, kriminal na aktibidad sa pagitan ng mga bansa, human trafficking, mga armas, terorismo at iba pang mga marahas na krimen.

Mga Kulungan

- Hindi ililipat ng Departamento ng Sheriff ang isang indibidwal sa mga awtoridad ng imigtasyon maliban kung awtorisado ng panghukumang warrant o batay sa kuwalipikadong hatol ayon sa batas ng Estado
- Ang Departamento ng Sheriff ay hindi magbibigay ng impormasyon tungkol sa petsa ng paglaya ng indibidwal o tutugon sa mga kahilingan para sa notipikasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga petsa ng paglaya o iba pang impormasyon maliban kung ang impormasyong iyon ay maaaring makuha ng publiko o isang kuwalipikadong hatol gaya ng nakasaad sa itaas
- Ang mga tagalabas na ahensya ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga ahente ng Immigration and Customs Enforcement (ICE), ay walang malayang access sa alinman sa mga pasilidad o kulungan ng Sheriff. Sila ay inaatasang mag-check in sa pamamagitan ng pangunahing pasukan at sumunod sa mga patnubay sa propesyonal na bisita
- Ang Departamento ng Sheriff ay hindi nagbibigay ng nakalaang espasyong pang-opisina para sa mga awtoridad ng imigrasyon
- Isang form ng pahintulot (makukuha sa anim na wika) ang dapat makumpleto at maipadala sa isang nakakulong sa Kulungan ng County para sa lahat ng mga hiniling na panayam ng mga ahente ng ICE. Ipinapaalam ng form na ito sa indibidwal na humihiling ang ICE na makapanayam sila. May opsyon ang nakakulong na makapanayam sa presensya ng isang abogado, nang walang abogado o upang tanggihan ang panayam. Magkakaloob ng mga serbisyo ng pagsasalin sa wika, at hindi magdudulot ng presyur sa nakakulong tungkol sa alinman sa kanilang pipiliin

Transparency

- Ang mga ulat, dating presentasyon at iba pang data at impormasyong nauugnay sa Values Act ay nakapaskil sa pampublikong webpage para sa Departamento ng Sheriff ng San Diego

DEPARTAMENTO NG SHERIFF NG COUNTY NG SAN DIEGO

County ng San Diego Pangkomunidad na Forum sa TRUTH Act

Agenda Item #XX | Ika-17 ng Nobyembre, 2020